# Si Olet

Pitong taon na si Olet. Siya ay nag-aaral. Siya ay nasa unang baitang. Ang kaniyang guro ay si Bb. Galang.



Teacher Fun Files

pageborders.org

# Piko

Ang mga bata ay masaya. Sila ay naglalaro ng piko sa bakuran ni Mang Selo. Sila ay may hawak na pamato. Tinuruan sila ng piko ni Kuya Lito.



Teacher Fun Files

pageborders.org

# Kapatid

Tatlo ang kapatid ni Romy. Isang babae at dalawang lalaki. Linda ang pangalan ng kapatid na babae. Ramon at Raul naman ang pangalan ng mga lalaki.



Teacher Fun Files

pageborders.org

# Uniporme

Papasok na sa paaralan si Minda. Nagsuot siya ng uniporme. Puti ang kanyang blusa. Asul ang kanyang palda. Itim ang sapatos niya.



Teacher Fun Files

pageborders.org

# Saranggola

Gumawa ng laruan
si kuya. Gumawa
siya ng saranggola.
Kawayan ang
ginamit niya.
Binalutan ng papel
at tinalian ng pisi.
Pinalipad namin
ang saranggola.



Teacher Fun Files
pageborders.org

# Lola

Matanda na si Lola. Puti ang buhok niya. Kulubot ang kanyang balat ngunit malakas pa siya. Mahal ako ng aking lola. Mahal ko rin siya.



Teacher Fun Files

pageborders.org

# Bakasyon

Nagbakasyon ang mag-anak. Nagpunta sila sa Baguio. Sumakay sila sa bus. Limang araw sila roon. Malamig sa Baguio. Masaya ang mag-anak.



Teacher Fun Files

pageborders.org

# Papel na Puso

Ika-14 ng Pebrero. Araw ng mga Puso. Kumuha si Mario ng papel na pula. Gumupit siya ng hugis puso. Ibinigay niya ito sa kanyang guro.



Teacher Fun Files
pageborders.org

# Bahay

Maganda ang bahay ni Carding. Dalawang palapag ito. Puti ang kulay ng bahay. Luntian ang pinta ng bakod. Maganda ang hardin nito.



Teacher Fun Files

pageborders.org